



Sulat-Pambalita ng Moorebank Logistics Park

Mga bagong may-ari na may kapana-panabik na kinabukasan

LOGOS, ang nangugunang espesyalista sa logistics sa Asia-Pacific at ang kanyang mga kasosyo ay maligayang ipinapahayag ang pagkabili nito sa paggawa at pagpapatakbo ng Moorebank Logistics Park, mula noong pagbenta ng Qube sa proyekto noong Disyembre 2021.

Sumama ang LOGOS sa mga kasalukuyang kasosyo na Ivanhoe Cambridge, AustralianSuper, at ang TCorp (NSW Treasury Corporation) at gayun din sa bagong kasosyo ang AXA-IM, upang bilhin ang 243-ektaryang proyekto, at may mariing pangako sa pagpapaunlad ng logistics, e-commerce at lugar ng pamamahagi sa Australya.

“

Itong pagkakabili ay naglalagay sa LOGOS Consortium sa pinakasentro ng isang rebolusyon sa logistics. Ang aming nagsama-samang pananaw para sa MLP ay kumakatawan sa isang mahalagang pagbabago sa lohistikong silangang baybayin, bilang isang buong awtomatikong koneksyon ng daungan at pagdadalang lugar sa pamamagitan ng tren. Ang mataas na lebel ng pagka-awtomatiko sa buong intermodals at pagbobodega ay magreresulta ng mga napakalaking pangmahabang panahong bentahe sa halaga at mapapahusay ang pagtataya sa pagkakaroon ng panustos, na magdudulot ng mahahalagang kahusayan sa paggawa at pagkakaroon ng panustos sa kalakal.

- LOGOS Pinuno ng Australya at New Zealand, Darren Searle

”

Ang proyekto ay inaasahang magbibigay ng mahigit na \$11 bilyong benepisyo sa ekonomya sa pamamagitan ng napahusay na paggawa at bumabang mga gastos sa negosyo at lilikha ng 6,800 na mga trabaho.

Itong kalakihang hanay ng mga benepisyo sa ganitong lugar na nasa loob ng 30-minutong lalakbayin mula sa isang pangunahing pang-mundong CBD, ay hindi pa kailanman nakita sa Australya. Habang ang Qube ay itutuloy ang kanyang buong pagmamay-ari sa IMEX Rail Terminal at pinakamalaking may-ari ng ginagawang Interstate Rail Terminal, ang mga bagong may-ari ng LOGOS ay nagbabalak ng mga napaka-panabik na hinaharap sa darating na mga panahon.

Sama-samang pagsulong

Noong nakaraang kaapat ng taon, nagtiis tayo ng mga malalaking unos. Kami ay umaasa na lahat kayo ay ligtas at nasa mabuting kalagayan. Habang ang mga pag-ulan ay nag-antala sa ilang mga gawain sa lugar, ang mga pagkagambala sa mga pampublikong daanan ay kaunti lamang. Mangyaring alamin na ang ating masisipag na grupo ay nagtatrabaho upang mapangalagaan ang lugar laban sa mga hinaharap na mga pag-unos kung maaari. Kami ay humihingi ng paumanhin kung may nangyaring pagka-aberya sa panahon ngayon at nagpapasalamat kami sa iyong pag-unawa.




Pagpapaganda ng kuryente sa Moorebank

May gagawing pagsasanggunian sa komunidad bago ang pagpapalakas ng daloy ng kuryente sa Moorebank site. Ang karagdagang impormasyon sa proyekto at kung paano magbibigay ng puna ay makukuha sa website ng SIMTA sa Mayo 2022.

Progreso sa pagpapaganda ng Moorebank Avenue

Patuloy ang pag-unlad sa Moorebank Avenue sa pamamagitan ng ating taga-gawang BMD Contractors. Ang mga serbisyo para sa mga bagong madadaan at sistema ng kanal ay naihanda na at kasalukuyang inilalagay, lumilikha ng isang bagong daanan na magbabawas ng malaki sa mga pagbabaha at pagkakasira ng mga banketa pagkatapos ng pag-ulan. Nagawan na rin ang mga koneksyon sa MLP rail terminal sa silangan ng Moorebank Avenue.

Ang pangkat ay masusing nagtatrabaho na kaagapay ang Transport for NSW, upang makumpleto ang mga plano sa pagpapaganda ng krosing sa Moorebank Avenue at Anzac Road. Kasama nito ang mga bagong kaayusan sa madadaan, pagpapaganda sa Bapaume Road, at isang bagong pasukan sa Moorebank Logistics Park. Ang mga pagpapaganda ay kaakibat sa bagong paglilipis ng daan sa Moorebank Avenue, nagdadala ng trapiko sa bandang silangan ng ating lugar, paghihiwalayin ang mga trapiko sa intermodal at mga pampublikong sasakyan na nagbibiyaye sa pagitan ng Moorebank at Glenfield.



Pagdiriwang sa pagsisimula ng Interstate Intermodal Rail Terminal

Noong ika-6 ng Abril 2022, isang seremonyang “ground breaking” ay ginawa upang bigyang-pansin ang pagsisimula ng pagpapatayo ng bagong Interstate Intermodal Rail Terminal. Kahit na masama ang panahon, marami ang dumagsa sa pagdiriwang sa mga ginagawa sa MLP.

Dumalo ang Minister for Communications, Urban Infrastructure, Cities and the Arts, na si Hon Paul Fletcher MP, bilang kinatawan ng Minister for Finance, si Hon Simon Birmingham at ang kanyang sarili at bininyang-diin niya ang kahalagahan ng pamumuhunan sa imprastruktura katulad ng intermodal upang isulong nito ang pagbabago sa paggalaw at pagbibiyaha ng mga kargamento. Ipinaalala ni Minister Fletcher na ito ay isang malaking kaganapan sa pagkakaroon ng bagong interstate freight terminal na kung nakumpleto na ay magpapatatag sa proseso ng pagbibiyaha ng mga kargamento sa mga estado (supply chain), nag-aalis sa mga libo-libong mga pangkargadang trak (truck) sa mga kalsada kada araw.

“Malaki ang mga epekto nito sa kapaligiran, dahil ang riles ay tatlong beses na mas mahusay sa paggamit ng karbon kumpara sa kalsada sa bawat isang tonelada ng mga kargamento na ibiniyahe. Kapag lubos nang gumagana, ang pasilidad ay makakapagbawas nang hanggang 3,000 na mga pangkargadang trak sa mga kalsada ng Sydney kada araw, na nagbabawas nang hanggang 110,000 tonelada ng mga usok na carbon dioxide kada taon,” ang sabi ni Minister Fletcher.

“

Ang makabagong Joint Development Model (National Intermodal Corporation, Qube & LOGOS) ay magbibigay ng katiyakan na ang Interstate Terminal ay hindi lamang magbibigay ng pangmatagalang pakikinaabang sa lugar ng Moorebank, kundi papalakin din nito ang kompiyansa sa merkado na ang mga karga ay magbibiyaha ng mahusay, ligtas at nagpapatuloy sa pagitan ng mga estado at teritoryo.

- CEO ng National Intermodal Corporation, James Baulderstone

”



Ang matagumpay na pagsisimula ng Moorebank’s national intermodal agency

Mula sa tagumpay ng Moorebank Intermodal Terminal, ang Federal Government ay nagpahayag na ang Moorebank Intermodal Company ay palalawakin ang sinasakupan at magiging kilala bilang National Intermodal Corporation.

Ang bagong Korporasyon ay magkakaroon ng mahalagang papel sa pagsusuporta sa mga pagpapatayo sa mga interconnected intermodal terminal sa Melbourne at Brisbane, upang masuportahan ang pagkumpleto sa proyektong \$14.5 billion Inland Rail ng Pederal na Pamahalaan.

Kagaya ng ginawa nito sa Moorebank, ang mga malaking pamumuhunan ng Pederal na Pamahalaan para sa mga hangganan ng mga kargamento ay magpapasulong ng kahusayan sa pagkakargamento at madagdagan ang kompetisyon sa sektor at mapapababa ang mga presyo para sa mga bumibili. Sa mga nakapaligid na komunidad, magkakaroon ng malaking bilang ng mga lokal na trabaho, mababawasan ang bilang ng mga tumatakbong mga mabibigat na sasakyan at matatapyas din ang mga paglabas ng usok ng gas.

“

Ang pagtatagumpay ng National Intermodal ay masusukat sa pamamagitan ng ating kakayahan at sama-samang pagkikipaggawa sa pamahalaan at industriya, upang makadiseno at makagawa ng isang mahalagang pambansang pang-mundong kalidad na imprastruktura ng riles, nagpapatatag sa kakayahan ng pakikipagkumpetensiya ng riles, at makuha ang lumalaking bahagi ng merkado sa kargamento ng mga estado.

- CEO James Baulderstone

”

Tawagan kami

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay

www.simta.com.au
Para sa karagdagang impormasyon

Tumawag sa 1800 986 465

Level 15, 207 Kent Street, Sydney NSW 2000

O magpadala ng mga nakasulat na katanungan o pansin sa moorebank@tsamgt.com